

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Pebrero 7, 2024

MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, sinusuportahan ang mas mahigpit na pamantayan sa kalusugan para sa particulate matter

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Hangin ang suporta nito para sa mga pagbabago sa Mga Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Ambient na Hangin (National Ambient Air Quality Standards), o NAAQS, para sa polusyong dulot ng particulate matter na pinagtibay ngayong araw ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos.

Inaatasan ng Batas sa Malinis na Hangin ang EPA na magtakda ng Mga Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Ambient na Hangin para sa mga pollutant na itinuturing na mapaminsala sa pampublikong kalusugan at kapaligiran. Inilalarawan ng mga pamantayan sa kalidad ng hangin ang puwedeng maging dami ng pollutant na ito sa ambient na hangin na maituturing pa ring ligtas para sa paghinga. Hinigpitan ng EPA ang taunang pamantayan para sa particulate matter mula sa 12 micrograms per cubic meter ng hangin sa kasalukuyan, at ginawa nila itong 9, na isang antas na mas makakaprotekta sa kalusugan.

“Ganap na sinusuportahan ng Distrito ng Hangin ang pagpapatupad ng mas mahihigpit na Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Ambient na Hangin para sa particulate matter,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa nasabing mas mahigpit na pamantayan, mas mapoprotektahan ang kalusugan ng mga residente ng Bay Area, partikular na ang mga nakatira sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin.”

Noong 2019, isinagawa ng Distrito ng Hangin at ng Konseho sa Pagpapayo nito ang Symposium Series para sa Particulate Matter para bigyang-daan ang talakayan sa pagitan ng mga siyentipikong kinikilala sa buong bansa at ng mga stakeholder para isaalang-alang ang kalagayan ng agham sa particulate matter sa kasalukuyan. Napag-alamang bagama't malaki na ang nagawa ng Bay Area para mabawasan ang particulate matter, kinakailangan ng mas mahihigpit na pamantayan para maprotektahan ang pampublikong kalusugan.

Ang particulate matter ang pinakanagdudulot ng mga panganib sa kalusugan dahil sa polusyon sa hangin sa Bay Area. Ang pagkakalantad sa particulate matter ay naiugnay na sa mga malalang sakit sa baga at mas malaking posibilidad ng atake sa puso, at ito ay mapaminsala lalo na sa mga bata, nakatatanda, at mga taong mag kundisyon sa baga.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotektahan sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [X/Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###